

Welcome Remarks – LINANGAN: The General Education (GE) Faculty Development Extension Program 2021-2022

Fidel R. Nemenzo

Magandang umaga sa lahat. Ang Unibersidad ng Pilipinas ay isang pambansang pamantasan na ang pangunahing mandato ay paglilingkuran ang sambayanan sa pamamagitan ng pagtuturo, pananaliksik at pagbibigay serbisyo sa komunidad o "extension" kung ating tawagin. Dahil dito, madalas ihalin-tulad sa paglilingkod-bayan o "public service" ang ating mga gawain sa UP.

Kung babasahin ang 2008 UP charter, ang kahulugan ng "extension" ay paglalaan ng iba't ibang uri ng serbisyo sa publiko at sa komunidad. Kasama rito ang pagbibigay ng tulong teknikal sa gobyerno, pribadong sektor at mga kilusang panlipunan (o social movement).

Pero naniniwala ako na ang paglilingkod bayan ay hindi dapat iniisip na isang tungkulin lamang, kundi isang prinsipyo na gumagabay sa kabuuan ng ating trabaho bilang mga guro, mananaliksik at miyembro ng pamantasan.

Ang paglilingkod sa bayan ang buod ng ating misyon. Ito ang prinsipyong gumagabay sa papel ng UP sa sambayanan --- ang tulongan ang iba pang mga eskwelahan at pamantasan sa Pilipinas para lalo pang umunlad at tumatag ang mga ito. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa larangan ng pananaliksik, pagbabahagi ng ating kaalaman sa mga kapwa guro, pagmumulat sa mga bagong polisiyang makatutulong sa pamamalakad ng mga pamantasan, curriculum development at marami pang iba.

Hindi maisasa-katuparan ang misyong ito kung wala kayo -- ang mga faculty ng mga higher education institutions, mga state universities at colleges. Gaano man kaganda ang isang kurso o curriculum, balewala ito kung hindi maayos, masinop at malikhain ang pagtuturo ng guro.

Ito ang dahilan kung bakit natin inilulunsad ngayon ang LINANGAN, ang General Education Faculty Development Extension Program --- isang ten-part webinar series para sa mga faculty ng mga state universities and colleges, mga local universities at colleges, at mga UP constituent universities. Sa pamamagitan ng webinar series na ito magkakaroon kayo ng pagkakataong makipagtalakayan tungkol sa iba't ibang kurso, paraan ng pagtuturo, pamamahala ng klase, at paggawa ng mga learning resources para sa remote online learning o sa tinatawag na blended or flexible learning environment.

Katunayan ang tampok na paksa sa araw na ito ay pinamagatang "Teach Talk". Naka-base ito sa siyam na GE core courses ng CHED at UP. Tatalakayin dito ang iba't ibang mabisang paraan ng pagtuturo ng GE courses sa mga estudyanteng bahagi ng Gen Z o "zoomers" kung tawagin ng iba.

Halimbawa, paano nga ba natin epektibong maituturo ang kasaysayan sa mga kabataan ngayon? Yan ang pag-uusapan sa "Kasaysayan ng Pilipinas Edition". Mahalaga ang pagtuturo ng kasaysayan ng isang bansa, pero dapat din nating pag-usapan kung bakit importanteng pag-

aralan ang kasaysayan. Dapat nating bigyang-diin sa ating mga estudyante na magka-ugnay ang noon at ngayon. Mas maiintindihan natin ang kasalukuyan kung pag-aaralan natin ang nakaraan.

Ang kasaysayan ay hindi lamang ang pagkakasunud-sunod ng mga tagpo at pangyayari. Higit sa pagtuturo ng mga mahahalagang tagpo sa ating kasaysayan, mas mahalagang ituro ang konteksto kung bakit nangyayari ang mga bagay na ito. Ano nga ang mga batas at prinsipyo na nakakasakop dito, ano ang papel na ginagampanan o mga motibasyon ng mga tao sa mga pangyayari? At ano ang naging kabuuang epekto nito sa sambayanan?

Hindi sapat na pag-aralan lang ang kasaysayan, kailangan itong basahin o suriin sa perspektibo ng manunulat o ng mismong nagsulat ng kasaysayan. Ika nga ng British historian na si E.H. Carr: "Study the historian before you study the facts," dahil ang lenteng gamit ng historian sa pagsusulat ng kasaysayan ay hinuhubog din ng kasaysayan at ng kanyang konteksto.

Samakatwid, ang kasaysayan ay hindi lang dapat "memorization" o tinuturo bilang pagkakasunud-sunod ng mga tagpo. Dapat itinuturo natin ito sa ating mga estudyante sa para-ang mas maiintindihan nila ang konteksto ng bawat pangyayari. Dapat ituro natin sa kanila ang koneksyon ng nakaraan at kasalukuyan... at kung paanong hinuhubog ng kahapon ang ating ngayon. Mahalaga ring ituro sa mga estudyante na maging mas masinop at kritikal sa pagbabasa ng kasaysayan, maipaintindi sa kanila na may mga biases at punto de vista na dapat isa-alang-alang sa pagbabasa ng kasaysayan.

Ang mga susunod na paksa ng webinar series na ito ay tatalakay naman sa art appreciation, ethics, science, at mathematics. Sigurado akong makatutulong sa inyong pagtuturo sa klase ang mga talakayang ito.

Sa panahon kung kailan isa nang realidad ang remote learning at kailangan na nating yakapin ang mga pagbabago ng panahon, sana makatulong ang webinar series na ito sa patuloy pang pagpapahusay ng inyong pagtuturo. Sana maging daan din ito para makapag-palitan kayo ng kaalaman sa mga kapwa guro, makipag-ugnayan at matuto sa isa't isa, tungo sa pagpapaunlad ng ating mga unibersidad at kolehiyo.

Magandang umaga, at maraming salamat po sa inyong lahat.